★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 13 ★

GAGAWIN NG PROP. 13 ANG MGA PAARALAN AT KOLEHIYO NG CALIFORNIA NA MAS LIGTAS AT MAS MALUSOG

Ang kasalukuyang kalagayan ng mga gusali ng paaralan ng California ay hindi katanggap-tanggap.

Sa kabila ng mga pananaliksik na nagpapakita na ang mga estudyante ay mas mahusay na natututo sa mga silid-aralan na moderno at ligtas, napakaraming gusali ng paaralan na sira-sira na, hindi ligtas at hindi malusog. Libu-libo ang nananatiling nanganganib sa malalaking sunog o lindol. Ang iba ay kontaminado ng tingga, amag, asbestos, at ibang mga mapanganib na materyal. Ang mga bata ng California ay nararapat sa mas mahusay.

Ang Prop. 13 ay ang PINAKAMALAKAS NA PAMBUONG-ESTADONG BONO NG PAARALAN SA KASAYSAYAN, ginagawang mas malusog, mas ligtas, mas nakakatulong sa pag-aaral ang mga gusali ng paaralan ng California. Ito ay isang mahalagang hakbang patungo sa pagprotekta at pagtuturo sa ating mga bata.

Alinsunod sa Instituto ng Pampublikong Patakaran ng California, ang 70% ng higit sa 10,000 paaralan at 300,000 silid-aralan ng ating estado ay higit sa 25 taong gulang na. 10% ang hindi bababa sa 70 taong gulang. Ang mga paaralan sa buong estado ay inaasahang mangangailangan ng higit sa $100 bilyon sa susunod na dekada upang matugunan lamang ang mga basikong pamantayan sa kalusugan, kaligtasan, at kurikulum. Pero ang kada-mag-aaral na paggasta ng California sa mga pasilidad ng paaralan ay bumaba nang malaki mula noong 2006.

ANG PROP. 13 AY NAGKUKUMPUNI AT NAGTATAAS NG KALAGAYAN NG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN NG CALIFORNIA. Napakaraming paaralan ang dumaranas ng mga hindi ligtas na kalagayan, kabilang ang mahinang kalidad ng hangin at tubig at kontaminasyon mula sa amag at asbestos. Ang Prop. 13 ay nagkakaloob ng pagpopondo upang ayusin ang mga sirang gusali, palitan ang mga humihinang tubo ng tubig para sa malinis na iniinom na tubig, at tanggalin ang mga mapanganib na materyal mula sa mga lumang silid-aralan.

ANG PROP. 13 AY NAGDARAGDAG NG MGA NAPAKAHALAGANG HAKBANG SA MGA PAARALAN. Ito ay nagkakaloob sa mga paaralan ng mga kailangang tagapagdulot upang itaas ang kaligtasan ng estudyante kabilang ang pagpigil sa sunog at karahasan. Ang Prop. 13 ay nagkakaloob ng nakagaganap na mga alarma sa usok at apoy, mga pagpapahusay sa pisikal na seguridad, at matagal nang dapat ginawa na mga pagtataas ng kalagayang panlindol. Ito ay nagpapalawak din ng akses sa preschool, mga tagapayong gumagabay, at mga nars ng paaralan para sa pangangalagang pangkalusugan at kalusugan ng isip.

ANG PROP. 13 AY NAGBABALIK NG MGA PAARALANG NAAPEKTUHAN NG MALALAKING SUNOG, MGA LINDOL, AT IBANG MGA LIKAS NA KALAMIDAD. Sa mga emerhensiya, ang ligtas na pagpapatakbo ng mga lokal na paaralan ay mas mahalaga higit kailanman. Ang Prop. 13 ay nagkakaloob ng mahalaga at agad na tulong, kabilang ang mga pansamantalang pasilidad at tagalikha ng kuryente, sa mga paaralang naapektuhan ng malalaking sunog at mga kalamidad.

ANG PROP. 13 AY SUMUSUPORTA SA PANGKARERANG TEKNIKAL NA EDUKASYON PARA SA MGA BETERANO. Ang Prop. 13 ay nagbibigay ng kakayahan sa mga lokal na paaralan at mga kolehiyo ng komunidad na palawakin ang mataas ang kalidad na pangkarerang teknikal na edukasyon upang makatulong sa mas maraming mamamayan ng California, kabilang ang mga beteranong naglingkod sa ating bansa, na maihanda para sa mataas ang kasanayan, mataas ang suweldo na mga trabaho sa modernong ekonomiya.

ANG PROP. 13 AY NAGPOPROTEKTA SA LOKAL NA PAGKONTROL SA BAWAT PROYEKTO. Ito ay nagpopondo sa mga proyektong pagpapahusay ng lokal na paaralan, kung saan ang mga lokal na komunidad at mga nagbabayad ng buwis ay may makapangyarihang tinig sa pagpapasiya kung paano ilalaan ang mga pondong ito upang palakasin ang mga paaralan ng kapitbahayan.

ANG PROP. 13 AY NAGTATAGLAY NG MATATAG NA MGA HAKBANG PARA SA PANANAGUTAN SA NAGBABAYAD NG BUWIS. Responsable sa pananalapi, ang Prop. 13 ay mahigpit na naglilimita sa mga gastos na pampangasiwaan, tinitiyak na ang mga pondo ay tuwirang ginagasta sa mga paaralan, hindi sa burukrasya ng pamahalaan. Ito ay nag-aatas ng mahihigpit na independiyenteng pagsusuri at mga bukas na pampublikong pagdinig.

ANG PROP. 13 AY MAY MALAKAS NA SUPORTA NG DALAWANG PARTIDO. Ito ay inilagay sa balota sa pamamagitan ng napakalaking mayoriya ng dalawang partido ng mga mambabatas ng estado. Ito ay sinusuportahan din ng isang malawak na koalisyon ng mga guro, doktor, nars, bumbero, at mga beterano ng militar.

Ang agham ay malinaw—ang ligtas, malusog, mataas ang kalidad na mga gusali ng paaralan ay nagpapahusay ng pag-aaral. Hindi makakaya ng mga estudyante ng California na maghintay pa.

Para sa kaligtasan ng ating mga bata at ating hinaharap bilang isang estado, MANGYARING SUMAMA SA AMIN SA PAGBOTO NG OO SA PROP. 13.

BRIAN RICE, Presidente
Mga Propesyonal na Bumbero ng California

E. TOBY BOYD, Presidente
Kapisanan ng mga Guro ng California

PAMELA KAHN, Presidente
Kapisanan ng mga Nars ng Paaralan ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 13 ★

MGA MAY-ARI NG BAHAY, UMUUPA, AT LAHAT NG NAGBABAYAD NG BUWIS MAG-INGAT SA MGA PAGTAAS NG BUWIS!

Nakatago sa Proposisyon 13 ng taong ito ang halos PAGDOBLE sa mga limitasyon na maaaring humiram ang mga lokal na distrito ng paaralan. Kapag ang mga distrito ng paaralan ay humihiram ng pera, ang utang na iyon ay binabayaran *nang eksklusibo* ng MGA BUWIS SA ARI-ARIAN! Sino ang nagbabayad ng mga buwis sa ari-arian? Tayong lahat, tuwiran sa mga singil na buwis sa ari-arian o sa pamamagitan ng mas mataas na mga renta at ibang mga gastos. Hindi tulad ng orihinal na Proposisyon 13 mula sa 1978, inilalagay *nitong* Proposisyon 13 ang lahat ng nagbabayad ng buwis sa panganib ng mas mataas na mga buwis.

WALANG MGA GARANTIYA LABAN SA PAG-AAKSAYA!

Ang tanong ay hindi kung kailangan natin ang maayos na pinananatiling mga gusali ng paaralan, kundi paano pinakamahusay na magbabayad para sa mga ito at kung ang mga nakaraang pangako ay tinupad. Inaprubahan na ng mga botante ang $9 na bilyon noong 2016 upang magtayo at magkumpuni ng mga paaralan. Ngayon sinasabi nila sa atin na hindi nila kinumpuni ang mga humihinang tubo ng tubig at tinanggal ang mga asbestos sa mga silid-aralan? *Paano nakakakuha ang High Speed Rail ng buong pagpopondo pero ang mga paaralan ay hindi?*

SASABIT ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS PARA SA MGA KARAGDAGANG PAGHIRAM AT UTANG!

Ang paghiram ng $15 bilyon para sa konstruksiyon at pagkukumpuni ng paaralan ay hindi makatwiran ngayong ang *California ay may $22 bilyong sobra sa badyet*. Ang mas masama, ang 80% tinantiyang halaga ng interes ay nangangahulugang tayo ay tunay na nakasabit para sa $27 bilyon. Sa halip, gastahin natin ang perang nasa atin nang *tuwiran* sa silid-aralan upang tugunan ang pagbaba ng mga iskor sa pagsusulit at mataas na bilang ng mga tumitigil sa pag-aaral.

Huwag hayaan ang mga maling prayoridad ng Sacramento at iresponsableng paghiram na ilubog pang lalo ang California sa utang at dalhin tayo sa mas mataas na mga lokal na buwis.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 13!

SENADOR NG ESTADO BRIAN JONES
Distrito 38

JON COUPAL, Presidente
Howard Jarvis Taxpayers Association

LARRY SAND, Retiradong Guro

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi sinuri ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 13 ★

HUWAD ANG PROP. 13 NG TAONG ITO!

Huwag hayaang lituhin kayo ng mapanligaw na titulo ng panukalang ito na ito nga ay "Prop. 13." Hindi tulad ng makasaysayang proteksiyon ng nagbabawas ng buwis ng 1978, ang Prop. 13 ng taong ito ay isasabit ang mga nagbabayad ng buwis sa $27 bilyon.

PANGKARANIWANG MATEMATIKANG KARD NG KREDITO NG MGA PULITIKO SA SACRAMENTO

Ang mga pulitiko ay nagpaplanong humiram ng $15 bilyon mula sa Wall Street at saka pagbabayarin ang mga nagbabayad ng buwis ng higit sa 80% sa mga kabuuang gastos sa interes. Iyon ay karagdagang $12 bilyon na mapipilitan tayong bayaran, dadalhin ang buong bayarin sa $27 bilyon.

ANG GOBERNADOR AT LEHISLATURA AY NABIGONG GAWING PRAYORIDAD ANG MGA PAARALAN

Sa halip na gastahin ang $21 bilyon na sobra ng estado sa pagtataas ng kalagayan ng mga pasilidad ng paaralan at pagkakaloob ng mataas ang kalidad na edukasyon para sa ating mga bata, ang Gobernador at ang Lehislatura ay nag-aaksaya ng ating pera sa kanilang mga paboritong proyekto. Ang sobrang pera ay maaaring dalhin sa mga solusyon para sa ating sistema ng edukasyon—pareho sa pagtuturo sa silid-aralan at para sa mga bagong pasilidad—*nang walang bagong utang* na babayaran ng ating mga anak sa tatlong dekada!

ANG MAS MATAAS NA MGA ANTAS NG UTANG AY HUMAHANTONG SA MAS MATAAS NA MGA BUWIS

Nakita na natin ito mula sa mga pulitiko ng Sacramento—gumagasta sila ng sobra, nag-iisyu sila ng mga bono, at pinarurusahan nila tayo ng mga pagtaas ng buwis sa ating mga sasakyan, gasolina, at kita. At ang mga pagtaas na ito ng buwis ay halos hindi pumupunta sa sinasabi ng mga pulitiko na pupuntahan—tingnan lamang ang ating mga nawawasak na daan at tingnan ang bilyun-bilyong dolyar na dinala sa High Speed Rail!

BILYUN-BILYON ANG PUPUNTA SA MGA HUKAY NG PERA, HINDI SA PAGTUTURO SA SILID-ARALAN

Ang maaksayang hukay ng pera sa malawak na burukrasya ng edukasyon ay kukuha ng karamihan ng perang ito habang wala ni isang sentimo nito ang gagastahin para sa tuwirang pagtuturo sa mga silid-aralan ng paaralan. Ang perang ito ay pupunta sa maaksayang proyektong konstruksiyon na pinakikinabangan ng mga espesyal na interes.

ANG MGA LOKAL NA DISTRITO AY LALONG LULUBOG SA UTANG

Ang isang nakatagong tadhana ng proposisyong ito ay hihimok sa mga lokal na distrito ng paaralan na itaas ang kanilang paggasta ng higit sa 60%. Ang utang ng lokal na paaralan ay binabayaran ng mas mataas na mga buwis sa ari-arian. Nagbabayad na tayo ng malaki para sa naunang paghiram, at ang problema ay hindi nalulutas.

MATAMIS NA PAKIKIPAG-AYOS PARA SA MGA TAGAPAGTAYO, WALANG PERA PARA SA MGA UNANG TAGATUGON

Tanging sa Kapitolyo ng Estado may magpapasiyang tustusan ang mayayamang tagapagtayo habang kumukuha ng pera mula sa lokal na pulis at bumbero. Pero iyon ang eksaktong gagawin ng proposisyong ito. Ang mga pulitiko ay umaasa na walang makakabasa ng maliliit na letra, pero binasa namin at nahuli namin sila.

MAKAKAGAWA TAYO NG MAS MAHUSAY PARA SA ATING MGA ANAK AT MGA APO

Ang mga paaralan ng California ay patuloy na nirarangguhang malapit sa pinakamababa sa bansa. Sa halip na maghagis ng $27 bilyon sa mga proyektong konstruksiyon ng paaralan, kailangan ng ating estado ng isang lubos na pinag-isipan, pangmatagalang solusyon upang makamit ang isang mataas na pamantayan ng kagalingan sa pagbabasa, pagsusulat, at matematika. Ang magastos na panukalang ito ay walang ginagawa upang pahusayin ang pagtuturo sa silid-aralan o tulungang magtagumpay ang ating mga bata.

BUMOTO NG HINDI SA HUWAD NA PROPOSISYON 13 NA ITO.

SENADOR BRIAN JONES
Distrito 38

JON COUPAL, Presidente
Howard Jarvis Taxpayers Association

LARRY SAND, Retiradong Guro

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 13 ★

Huwag maniwala sa mga maling atake.

Ang Proposisyon 13 ay mag-aayos at magtataas ng kalagayan ng mga pampublikong paaralan sa buong California na hindi ligtas, lipas na sa panahon, at lubhang nangangailangan ng pagkukumpuni. Ito ay malawak na inirerekomenda ng mga guro, punong-guro, bumbero, doktor, at nars—at may malakas na suporta ng mga Republikano, Demokratiko, at independiyente.

Ginagawa ng Proposisyon 13 na mas malakas at mas malusog ang mga gusali ng lokal na paralan. Tinatanggal ang mga asbestos, nakakalasong amag, at mga mapanganib na materyal mula sa mga lumang silid-aralan. Pinapalitan ang mga humihinang tubo upang ang mga bata ay magkaroon ng ligtas na iniinom na tubig. Nagdaragdag ng mga pasilidad ng pag-aalaga sa paaralan. Ang mga paaralan ay ginagawang mas ligtas sa malalaking sunog, lindol, at likas na kalamidad. Ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang mga ligtas na gusali ng paaralan ay mas malamang na magresulta sa mas mataas na pagganap ng estudyante.

Ang Proposisyon 13 ay gumagarantiya rin na ang bawat dolyar na ginagasta ay nakukuwenta, sinusuri, at malinaw sa mga nagbabayad ng buwis sa estado. Ito ay nag-aatas na ang mga gastos na pampangasiwaan ay limitahan sa hindi hihigit sa 5%, tinitiyak na mas maraming pondo higit kailanman ang ipinupuhunan nang tuwiran sa mga paaralan.

Huwag asahan ang aming mga salita tungkol dito. Pakinggan ang mga eksperto:

Ang Presidente ng Mga Propesyonal na Bumbero ng California na si Brian Rice ay nagsabi: "Ang Proposisyon 13 ay magpopondo sa mga pagpapahusay upang gawing mas ligtas ang ating mga paaralan. Ang mas ligtas na mga paaralan ay lumilikha ng mas ligtas na mga komunidad. Iyon ang dahilan kung bakit ang mga eksperto sa kaligtasan ng publiko ay sumusuporta sa Prop. 13."

Si Dr. Peter Bretan, Presidente ng Kapisanang Medikal ng California, ang pinakamalaking organisasyon ng mga doktor, ay nagsabi: "Ang mga estudyante ay nararapat sa akses sa malulusog na paaralan na may malinis na tubig, nalalanghap na hangin, at mga nars ng paaralan. Ang mga tagapagkaloob ng kalusugan ng California ay sumusuporta sa Proposisyon 13."

Ang CEO ng Kapisanan ng mga Opisyal ng Gawain sa Paaralan ng California Molly McGee Hewitt ay nagsabi: "Ang mga bono ng paaralan ay subok na sa pagiging pinakamabisa at responsable sa pananalapi na paraan upang pondohan ang mga pagkukumpuni sa mga humihinang gusali ng paaralan. Oo sa Proposisyon 13!"

CELIA JAFFE, Presidente
Kapisanan ng mga Magulang at Guro ng Estado ng California

DR. LINDA KAMINSKI, Presidente
Kapisanan ng mga Tagapangasiwa ng Paaralan ng California

PAMELA KAHN, Presidente
Kapisanan ng mga Nars ng Paaralan ng California